# *Ang Bantay Part 15. Dapat makita ng Bantay ang Diyos, Hindi ang mga Higante. Dapat nating makita ang Diyos at hindi ang mga Higante*

***“1 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 2Magsugo ka ng mga lalake na makakapaniktik sa lupain ng Canaan, na aking ibibigay sa mga anak ni Israel: isang lalake sa bawa't isa sa mga lipi ng kanilang mga magulang ay susuguin ninyo, na bawa't isa'y prinsipe sa kanila. 3At sinugo sila ni Moises mula sa ilang ng Paran ayon sa utos ng Panginoon: silang lahat ay mga lalaking pangulo sa mga anak ni Israel. 4At ito ang kanilang mga pangalan: sa lipi ni Ruben, ay si Sammua na anak ni Zaccur. 5Sa lipi ni Simeon, ay si Saphat na anak ni Huri. 6Sa lipi ni Juda, ay si Caleb na anak ni Jephone. 7Sa lipi ni Issachar, ay si Igal na anak ni Jose. 8Sa lipi ni Efraim, ay si Oseas na anak ni Nun. 9Sa lipi ni Benjamin, ay si Palti na anak ni Raphu. 10Sa lipi ni Zabulon, ay si Gaddiel na anak ni Sodi. 11Sa lipi ni Jose, sa makatuwid baga'y sa lipi ni Manases, ay si Gaddi na anak ni Susi. 12Sa lipi ni Dan, ay si Ammiel na anak ni Gemalli. 13Sa lipi ni Aser, ay si Sethur, na anak ni Michael. 14Sa lipi ni Nephtali, ay si Nahabi na anak ni Vapsi. 15Sa lipi ni Gad, ay si Geuel na anak ni Machi. 16Ito ang mga pangalan ng mga lalake na sinugo ni Moises upang tiktikan ang lupain. At tinawag ni Moises na Josue ang anak ni Nun na si Oseas.17 At sinugo sila ni Moises upang tiktikan ang lupain ng Canaan, at sinabi sa kanila, Sumampa kayo rito sa dakong Timugan at umakyat kayo sa mga bundok: 18At tingnan ninyo ang lupain, kung ano; at ang bayan na tumatahan doon, kung sila'y malakas o mahina, kung sila'y kaunti o marami; 19At kung ano ang lupain na kanilang tinatahanan, kung mabuti o masama; at kung ano ang mga bayan na kanilang tinatahanan, kung sa mga kampamento, o sa mga nakukutaan; 20At kung ano ang lupain, kung mataba o payat, kung mayroong kahoy o wala. At magpakatapang kayo, at magdala kayo rito ng bunga ng lupain. Ngayon ang panahon ay panahon ng mga unang hinog na ubas.21 Sila nga'y umakyat, at kanilang tiniktikan ang lupain mula sa ilang ng Zin hanggang sa Rehob, sa pagpasok sa Emath. 22At sila'y umakyat sa dakong Timugan, at sila'y dumating sa Hebron; at si Aimen, si Sesai at si Talmai, na mga anak ni Anac, ay nangaroon. (Ngayon ang Hebron ay natayong pitong taon bago ang Zoan sa Egipto).23 At sila'y dumating sa libis ng Escol, at sila'y pumutol doon ng isang sangang may isang kumpol na ubas, at dinala sa isang pingga ng dalawa; sila'y nagdala rin ng mga granada, at mga igos. 24Ang dakong yaon ay tinawag na libis ng Escol, dahil sa kumpol na kinitil ng mga anak ni Israel doon.25 At sila'y nagbalik pagkatiktik sa lupain, sa katapusan ng apat na pung araw. 26 At sila'y nagsiyaon at nagsiparoon kay Moises, at kay Aaron at sa buong kapisanan ng mga anak ni Israel, sa ilang ng Paran, sa Cades; at kanilang binigyang sagot sila, at ang buong kapisanan, at kanilang ipinakita sa kanila ang bunga ng lupain. 27At kanilang isinaysay sa kaniya, at sinabi, Kami ay dumating sa lupaing yaong pinaparoonan mo sa amin, at tunay na binubukalan ng gatas at pulot; at ito ang bunga niyaon. 28Gayon man ang bayan na tumitira sa lupaing yaon ay malakas, at ang mga bayan ay nakukutaan, at napakalalaki: at saka aming nakita ang mga anak ni Anac doon. 29Si Amalec ay tumatahan sa lupain ng Timugan: at ang Hetheo, at ang Jebuseo, at ang Amorrheo ay tumatahan sa mga bundok: at ang Cananeo ay tumatahan sa tabi ng dagat, at sa mga pangpang ng Jordan.30 At pinatahimik ni Caleb ang bayan sa harapan ni Moises, at sinabi, Ating akyating paminsan, at ating ariin; sapagka't kaya nating lupigin. 31Nguni't sinabi ng mga lalaking nagsiakyat na kasama niya, Hindi tayo makaaakyat laban sa bayan; sapagka't sila'y malakas kay sa atin. 32At sila'y nagdala ng masamang balita tungkol sa lupaing kanilang tiniktikan, sa mga anak ni Israel, na sinasabi, Ang lupain na aming pinaroonan upang tiktikan ay isang lupain na kinakain ang mga tumatahan doon; at lahat ng bayan na aming nakita roon, ay mga taong malalaki. 33At doo'y aming nakita ang mga Nefilim, ang mga anak ni Anac, na mula sa mga Nefilim: at kami sa aming sariling paningin ay naging parang mga balang, at gayon din kami sa kanilang paningin.” (Bilang 13:1-33)***

Inutusan ng Diyos si Moises upang ihanda ang mga tao para tanggapin ang Kanyang mga pangako, ang lupain na Kanyang inihanda para ibigay sa kanila, sa pagpapadala ng mga maniniktik upang pumaroon sa kung saan Niya sila pinapunta, upang siyasatin ang kalidad ng lupain at ang mga taong naninirahan doon, maging sila man ay malakas o mahina, kakaunti o marami, at kung ano ang lupain na kanilang tinitirhan, mabuti man o masama; at ang uri ng mga lunsod na kanilang tinitirahan, sa mga tolda man, o sa mga nakukutaan. Tungkol din sa lupain kung ito ay mayaman o dukha; may kahoy doon o wala, upang maging matapang din, at magdala ng bunga mula sa lupain. * Sa parehong paraan na nais ng Diyos sa atin na ihanda ang mga tao upang tanggapin ang Kanyang mga pangako, ang walang hanggang buhay, upang maging handa sa pagdating ni Jesus, at makamit ang gawain na ipinagkatiwala Niya sa kanila upang sa gayo’y kapag si Jesus ay handa tayong sumama sa Kanya. * Ating papayuhan ang mga tao na huwag pumunta para sa makamundong mga bagay o gawin ang kanilang kagustuhan o mga plano at mabuhay sa buhay na gusto nila, kundi ang palno at ang paraan na nais ng Diyos na isabuhay nila; hikayatin natin ang mga tao upang pumaroon na pumaroon at abutin ang nawawala at gawin ang mga ministerio ng Diyos.

Ipinadala ni Moises ang labingdalawa at sila’y bumalik pagkatapos ng apat na pung araw. Sampu sa labindalawang lalaki, na mga pinuno sa bawat lipi, ang lumabag sa utos upang maging tagapaghikayat; dahil sa kanilang ulat ay pinanghinaan nila ang loob ang mga tao. ***“31 Nguni't sinabi ng mga lalaking nagsiakyat na***

***kasama niya, Hindi tayo makaaakyat laban sa bayan; sapagka't sila'y malakas kay sa atin." (Bilang 13:31)*** Bakit sila nagbigay ng ganoong nakakapanghinang ulat? Dahil inihambing nila ang mga higante sa kanilang sarili, na tumingin sa kanilang kawalan ng kakayahan at hindi sa kakayahan ng Diyos, samakatuwid sila ay nakaisip ng isang mensahe ng nakakapanghinahihina ng loob, kaya ang bunga niyaon, pinalaki at pinalakas nila ang kanilang mga kaaway. Basahin ang kanilang iniulat: ***"28 Gayon man ang bayan na tumitira sa lupaing yaon ay malakas, at ang mga bayan ay nakukutaan, at napakalalaki: at saka aming nakita ang mga anak ni Anac doon.29 Si Amalec ay tumatahan sa lupain ng Timugan: at ang Hetheo, at ang Jebuseo, at ang Amorrheo ay tumatahan sa mga bundok: at ang Cananeo ay tumatahan sa tabi ng dagat, at sa mga pangpang ng Jordan. 32 At sila'y nagdala ng masamang balita tungkol sa lupaing kanilang tiniktikan, sa mga anak ni Israel, na sinasabi, Ang lupain na aming pinaroonan upang tiktikan ay isang lupain na kinakain ang mga tumatahan doon; at lahat ng bayan na aming nakita roon, ay mga taong malalaki.33 At doo'y aming nakita ang mga Nefilim, ang mga anak ni Anac, na mula sa mga Nefilim: at kami sa aming sariling paningin ay naging parang mga balang, at gayon din kami sa kanilang paningin." (Bilang 13:28-29. 32-33)*** Hindi mali na maintindihan ang kaaway, ngunit huwag mong labis na pahalagahan ang banta ng kaaway at maliitin ang kakayahan ng Diyos na dalhin ka sa kung saan Niya nais. Ang sampung lalaki ay esensyang sumuway at hindi naniniwala at hindi handang sumunod sa Diyos, kaya lumikha sila ng mga higante na pumalit sa buong pagtitiwala sa Diyos na may kakayahang dalhin sila upang ariin ang lupain na ipinangako na Niya na ibibigay sa kanila ngunit ipagpalagay na sila'y susunod sa Diyos. * Ngayon, tingnan mo ang iyong sarili at suriin ang iyong mga pag-uugali at tingnan kung paano ka lumilikha ng mga higante na wala dahil ayaw mong sumunod sa Diyos at sa huli iyon ang hahadlang sa iyo na tanggapin ang ipinangako ng Diyos sa iyo. * Binigyan ka ng Diyos ng mga mata upang makakita, kaya tingnan nang tama, upang ang tunay na bantay at tagasunod ng Diyos ay dapat makita ang Diyos at lubos na magtiwala sa Kanya at sa Kanyang mga kakayahan, lubos na sundin siya, at maniwala sa Kanyang kapangyarihan at sa Kanyang presensya sa iyong buhay, at hindi sa mga higante.

Alam na ng Diyos ang tinatawag na ***"mga higante"***, ang kanilang mg pangalan at salaysay, ***"22 At sila'y umakyat sa dakong Timugan, at sila'y dumating sa Hebron; at si Aimen, si Sesai at si Talmai, na mga anak ni Anac, ay nangaroon. (Ngayon ang Hebron ay natayong pitong taon bago ang Zoan sa Egipto)." (Bilang 13:22)*** Ngunit nang ipinadala ng Diyos ang labingdalawa upang tiktikan ang lupain sinabi Niya kay Moises ***"2 Magsugo ka ng mga lalake na makakapaniktik sa lupain ng Canaan, na aking ibibigay sa mga anak ni Israel: isang lalake sa bawa't isa sa mga lipi ng kanilang mga magulang ay susuguin ninyo, na bawa't isa'y prinsipe sa kanila." (Bilang 13:2)*** Hindi sinabi ng Diyos kay Moises na ibibigay Niya ngunit sinabi Niya ***"na aking ibibigay"***. Kaya ibinigay na ng DIyos ang lupain sa kanila at ang kinakailangan nilang gawin ay pumaroon at upang ariin; at sila'y ipinadala upang galugarin at siyasatin upang ihanda ang kanilang hangarin upang ariin. Ang mga tinatawag na mga ***"higante"*** na kanilang pinalaki ay naging pinagmulan ng pagkasindak para sa mga Israelita na kalaunan ay namatay sa ilang. Inilarawan nila ang iba, inihambing ang mga ito sa pamantayan ng mga higante na kanilang nilikha, at iyon ang naging balakid na humadlang sa kanila upang makapasok sa Lupang Pangako. Sila'y mga higante sa kanilang paningin ngunit hindi sa mata ng Diyos. Kilala ng Diyos ang mga higante sa palibot natin, sa ating trabaho at tinitirahan, at maging sa loob at sa palibot ng ating ministerio, at alam Niya kung paano haharapin ang mga ito, kaya nga Siya ay sumasaatin, kaya maglakas laoob at maging matatag. Dapat tayong magkaroong tiwala sa Diyos na Siya ay sumasaatin at hiyakatin ang mga tao gaya nina Joshue at Caleb na ipinahayag at gaya ng mga sumusunod: ***"30 At pinatahimik ni Caleb ang bayan sa harapan ni Moises, at sinabi, Ating akyating paminsan, at ating ariin; sapagka't kaya nating lupigin." (Bilang 13:30) "6 At hinapak ni Josue na anak ni Nun, at ni Caleb na anak ni Jephone, na mga kasamang tumiktik sa lupain, ang kanilang mga suot: 7At sinalita nila sa buong kapisanan ng mga anak ni Israel, na sinasabi, Ang lupain na aming dinaanan upang tiktikan ay isang napakainam na lupain. 8Kung kalulugdan tayo ng Panginoon ay dadalhin nga niya tayo sa lupaing yaon, at ibibigay niya sa atin; na yao'y lupaing binubukalan ng gatas at pulot. 9Huwag lamang kayong manghimagsik laban sa Panginoon, ni matakot sa bayan ng lupaing yaon, sapagka't sila'y tinapay sa atin; ang kaniyang kalinga ay inilayo sa kanila, at ang Panginoon ay sumasaatin: huwag kayong matakot sa kanila." (Bilang 14:6-9)*** Sa anong ginawa ng sampung lalaki na ipinangako ng Diyos na hindi makakapasok sa Lupang Pangko, ***"23 Tunay na hindi nila makikita ang lupain na aking isinumpa sa kanilang mga magulang, ni sinoman sa kanila na humamak sa akin ay hindi makakakita:" (Bilang 14:23)*** * Kapag ikaw ay masuwayin at walang pananampalataya sa Diyos sa gayon hindi mo matatanggap ang ipinangako ng Diyos sa iyo. Ngunit kapag sumunod tayo sa Panginoon ay malulugod Siya sa atin at tutulungan tayong gawin ang Kanyang gawain at kakamitin Niya sa atin ang Kanyang pangako. Sina Joshue at Caleb ay mabuting halimbawa sa atin; parehong inanyayahan ang Diyos upang gumawa na may kadakilan sa kanilang buhay. Sina Joshue at Caleb ay tunay at tapat na mga bantay at tagasunod ng Diyos na ginantimpalaan ng sagana ng Diyos. Pinamunuan ni Josue ang mga tao sa Lupang Pangako at kay Caleb tatanggapin niya ang lupaing kanyang pinuntahan. Ang mga higante sa buhay ay hindi kailanman dapat magtagumpay sa atin habang inilalagay natin ang ating puso at paningin sa kakayahan ng Diyos, at handang sumunod sa Kanya, na sa Kanyang panahon, sa Kanyang paraan, at sa pamamagitan ng Kanyang patnubay ay matutupad at ipagkakaloob sa atin ang mga pangako na Kanyang

ginawa. Sina Josue at Caleb ay hinarap, at maging tayo ngayon ay nararapat na harapin ang sumusunod na mga higante upang tanggapin ang ipinangako ng Diyos:

1. ***Ang mga hignate ng opinyon ng karamihan***: sina Caleb at Joshue ay nalampasan ng natitirang mga mininiktik at ng karamihan ng mga tao, ngunit hindi sila nakinig sa opinyon ng karamihan. Dahil malinaw nilang nakikita ang Diyos at ang Kanyang kapangyarihan, sa Kanyang ipinangako at sa kung ano ang magagawa Niya sa kanila. * Huwag ilagay ang iyong tainga sa kung anong sinasabi ng mga tao kahit na sila ay may maayos na painagaralan at kahit na tinatawag nila ang kanilang sarili na mga Cristiano. Hangga't ang sinasabi nila ay hindi batay sa Salita ng Diyos at sa Kanyang mga pangako kung gayon hindi mo na kailangang abalahin ang iyong sarili sa kanila. * Kaya hinihikayat ka naming huwag manood ng TV, You tube, facebooks at umupo at magtsitsismis at makipag-chat sa mga makamundong tao na walang Diyos o alam sa Kanyang Salita at sundin ang Kanyang mga paraan, dahil ang lahat ng bagay na iyon ay magbaba sa iyong pananampalataya. Dapat nating tingnan nang mabuti ang Kanyang Salita na makapagbibigay sa atin ng kalayaan gaya ng babasahin natin dito: ***"25 Nguni't ang nagsisiyasat ng sakdal na kautusan, ang kautusan ng kalayaan, at nananatiling gayon, na hindi tagapakinig na lumilimot, kundi tagatupad na gumagawa, ay pagpapalain ang taong ito sa kaniyang ginagawa." (Santiago 1:25)*** Kaya naman sa araw-araw kailangan mong magbasa ng Bibliya at pagnilayan ang Kanyang Salita at manalangain upang hindi ka madismaya at malito sa mensahe at sa tinig ng diablo at ng kaaway.

2. ***Ang higante ng mahabagng paghihintay:*** Si Caleb ay naghintay ng 45 na mga taon sa ilang habang ang isang bansa ay nagrereklamo at nagsasayang sa palibot niya. Si Abraham ay naghintay ng 25 taon upang matangga ang pangako ng Diyos, ngunit si Caleb ay naghintay ng 45 mga taon upang tanggapin ang pangako ng Diyos. Siya ay naghintay sa pagdaan ng mga taon sa ilang para sa lahat ng mga tao ay mamatay at sa gayon pagkatapos ay makapasok sa Lupang Pangako, at naghintay siya habang si Joshue ay kinuha ang lupain. Ngunit bilang bantay nakikita niya na ang Diyos ay tapat upang gantimpalaan siya, at sa huli, nagawa niyang humakbang pasulong upang hilingin na ariin ang lupain na puno ng mga higante, at iyon ay ang Hebron, na napagtanto na hindi siya nakalimutan ng Diyos, ***"6 Nang magkagayo'y lumapit ang mga anak ni Juda kay Josue sa Gilgal: at sinabi sa kaniya ni Caleb na anak ni Jephone na Cenezeo, Iyong talastas ang bagay na sinalita ng Panginoon kay Moises na lalake ng Dios, tungkol sa akin at tungkol sa iyo sa Cades-barnea. 7Ako'y may apat na pung taon nang ako'y suguin ni Moises na lingkod ng Panginoon mula sa Cades-barnea upang tiktikan ang lupain; at aking dinalhan ng sagot siya ng gaya ng nasa aking puso. 12 Ngayon nga'y ibigay mo sa akin ang lupaing maburol na ito na sinalita ng Panginoon nang araw na yaon: sapagka't iyong nabalitaan nang araw na yaon kung paanong nariyan ang mga Anaceo, at mga bayang malalaki at nakukutaan: marahil ay sasa akin ang Panginoon, at akin silang maitataboy na gaya ng sinalita ng Panginoon." (Josue 14:6-7, 12)*** Huwag kang mapagod na maghintay sa Diyos, maging matiyaga at magtiwala sa Kanya na tutuparin Niya sa iyo ang ipinangako niya sa iyo.

3. ***Ang higante ng hindi buong pusong paglilingkod:*** Si Caleb ang kanyang puso ay tumangging makita ang mga higante sa halip ay makita ang Diyos. Bilang bantay ang kanyang puso ay puno ng pananampalataya nababatid na tatanggapin niya mula sa Diyos ang Kanyang ipinangako kung patuloy siyang susunod sa Diyos. Paulit ulit na sinabi ng Salita ng Diyos tungkol kay Caleb na buong puso niyang sinusunod at sumusunod sa Diyos na mababasa natin sa mga sumusunod na talata ang kalagayan ng kanyang puso. ***"7 Ako'y may apat na pung taon nang ako'y suguin ni Moises na lingkod ng Panginoon mula sa Cades-barnea upang tiktikan ang lupain; at aking dinalhan ng sagot siya ng gaya ng nasa aking puso. 8Gayon ma'y pinapanglumo ng mga kapatid na kasama ko ang puso ng bayan: nguni't ako'y lubos na sumunod sa Panginoon kong Dios. 9At si Moises ay sumumpa nang araw na yaon, na nagsasabi, Tunay na ang lupain na tinuntungan ng iyong paa ay magiging isang mana sa iyo at sa iyong mga anak magpakailan man, sapagka't sumunod kang lubos sa Panginoon kong Dios. 14 Kaya't ang Hebron ay naging mana ni Caleb na anak ni Jephone na Cenezeo hanggang sa araw na ito; sapagka't kaniyang lubos na sinunod ang Panginoon, ang Dios ng Israel." (Josue 14:7-9. 14)*** Si Caleb ay lubos na sumunod sa Diyos, "***24 Kundi ang aking lingkod na si Caleb, sapagka't siya'y nagtaglay ng ibang diwa at siya'y sumunod na lubos sa akin, ay aking dadalhin siya sa lupain na kaniyang pinaroonan; at aariin ng kaniyang lahi." (Bilang 14:24)*** Si Caleb ay nagtataglay ng ibang diwa, espiritu ng pagsunod, pananampalataya at katapatan, kaya nakita niya ang ipinangako ng Diyos sa kanya sapagkat buong puso siyang sumunod sa Diyos, ***"36 Liban si Caleb na anak ni Jephone; at siya ang makakakita; at sa kaniya ko ibibigay ang lupain na kaniyang tinuntungan, at sa kaniyang mga anak: sapagka't siya'y lubos na sumunod sa Panginoon." (Deutonomio 1:36)*** Bilang tagasunod ng Diyos at tapat na bantay, patuloy na sumunod nang lubusan sa Diyos, patuloy na handang maglingkod sa Kanya, buong pusong sumunod sa Kanya, at ialay ang iyong buhay at lahat ng mayroon ka sa Kanya sa gayon ay patuloy mong tatanggapin ang ipinangako Niya sa iyo. Ang mga hindi masigasig na Cristiano na naglilingkod sa Diyos na may

pagngangalit at pagbubulung bulungan, paggawa ng kanilang sariling kalooban at plano, paglilingkod para sa maling motibo sa pagmamahal sa pera at sa mundo, at non willingness na sundin Siya sila ay masasamang bantay at masasamang halimbawa at hindi makikita kung ano ang ipinapadala ng Diyos sa kanila mula sa mga pagpapala at sa huli ay mawawala sa kanila ang mga ito. Huwag kang maging bahagi ng mga ganyan.

4. ***Ang higante ng panahon at edad:*** Ang iba pang mga maniniktik at ang mga tao ay inilibing ng higante ng panahon dahil sa kalahating pusong pananampalataya. Ngunit ang lubos na nahikayat na puso ni Caleb ay sinakop ang higante ng panahon sa loob ng 45 taon ng paghihintay, at ang puso na iyon ay nagpatibay sa kanya: ***"At ngayon, narito, iningatan akong buhay ng Panginoon, gaya ng kaniyang sinalita, nitong apat na pu't limang taon, mula nang panahon na salitain ng Panginoon ang salitang ito kay Moises, samantalang lumalakad ang Israel sa ilang; at ngayon, narito, sa araw na ito ako'y may walong pu't limang taon na." (Josue 14:10)*** Huwag mag-alala sa iyong edad, at tumingin sa iyong kulay abo na buhok o sa iyong ulo na walang buhok o sa iyong iba pang mga pisikal na limitasyon na may kaugnayan sa iyong edad; hindi magiging balakid para sa iyo na tanggapin ang ipinangako ng Diyos habang patuloy kang nagtitiwala sa Kanya, sumusunod sa Kanya at buong pusong sumusunod sa Kanya.

5. ***Ang higante ng pagkawala ng lakas at kawalan ng kakayahan:*** Ang katapatan ni Caleb ay nangangahulugang hindi siya nawalan ng kakayahang maglingkod at kahit na makipagdigma para sa Diyos. Ang higanteng ito ng kawalan ng kakayahan ay laging susubukang kumbinsihin ka na walang paraan para gamitin ka ng Diyos upang taglayin ang Kanyang mga pangako. ***"11 Gayon ma'y malakas pa ako sa araw na ito na gaya nang araw na suguin ako ni Moises: kung paano nga ang lakas ko noon, ay gayon ang lakas ko ngayon, sa pakikidigma, at gayon din sa paglalabas pumasok. 12Ngayon nga'y ibigay mo sa akin ang lupaing maburol na ito na sinalita ng Panginoon nang araw na yaon: sapagka't iyong nabalitaan nang araw na yaon kung paanong nariyan ang mga Anaceo, at mga bayang malalaki at nakukutaan: marahil ay sasa akin ang Panginoon, at akin silang maitataboy na gaya ng sinalita ng Panginoon." (Josue 14:11-12)*** Magtiwala sa Diyos na ibibigay sa iyo ang mabuting kalusugan at ang kinakailangang kalakasan at lakas upang sakupin ang ipinangako Niya sa iyo. Huwag kailanman isipin ang tungkol sa mga karamdaman o kapansanan sa kalusugan ngunit bilang bantay at tagasunod sa Diyos ay malinaw na nakikita ang kapangyarihan ng Diyos sa iyong buhay at itinakda ang iyong isip at puso upang sundin at sundin Siya nang buong puso.

6. ***Ang higante ng pagbabanta:*** Ang kaaway ay susubukang pagbantaan ka upang huminto sa pagsakop sa ipinangako ng Diyos sa iyo, sa pagbibigay ng mga balakid sa parehong lugar na ipinangako ng Diyos sa iyo. Ipinangako ng Diyos kay Caleb, na ibibigay sa kanya ang Hebron, kung saan ang pagkakakinlanlan ng tatlong anak ni Anak, ***"Aimen, Sesai, at Talmai"***. Ang banta ng tatlong lalaking ito ay na may malaking bulas ay kontrolado ang pagpasok sa Lupang Pangako na ipinangako Niya kay Caleb, mula sa timog at sa lahat ng karatig lupain. Ngunit, hindi naantala sina Caleb at Josue sa kanilang mga banta. Ang mga banta ni Satanas at ng mga kaaway ay hindi dapat panghinaan tayo ng loob, ni magpapaliban sa gawain ng Diyos na ipagkatiwala sa atin. Tinalo sila ni Josue gaya ng mababasa natin dito, ***"21 At naparoon si Josue nang panahong yaon at nilipol ang mga Anaceo mula sa lupaing maburol, sa Hebron, sa Debir, sa Anab, at sa buong lupaing maburol ng Juda, at sa buong lupaing maburol ng Israel: nilipol silang lubos ni Josue sangpu ng kanilang mga bayan. 22Walang naiwan sa mga Anaceo sa lupain ng mga anak ni Israel: sa Gaza, sa Gath, at sa Asdod lamang, nagiwan siya ng ilan. 23Gayon sinakop ni Josue ang buong lupain ayon sa lahat na sinalita ng Panginoon kay Moises; at ibinigay ni Josue na pinakamana sa Israel, ayon sa kanilang pagkakabahagi sangayon sa kanilang mga lipi. At ang lupain ay nagpahinga sa pakikipagdigma." (Josue 11:21-23)*** Ang Josue ay salitang Hebreo para sa 'Jesus', na nangangahulugang si Jehova ay Tagapagligtas; Siya ang ating Tagapagligtas. Si Jesus ang ating Josue ngayon, na tinatalo ang inaakala ng iba na imposibleng mga higante, at tutulungan tayong daigin ang lahat ng ito at tanggapin at daigin ang ipinangako sa atin ng Diyos kapag nagpasiya tayong sumunod sa Kanya at sumunod sa Kanya. Hiniling ni Caleb ang Hebron at hindi siya natakot sa kabila ng patuloy na pagbabanta ng mga anak ni Anak, ang tinatawag na, ***"mga higante"***, na sumasakop sa bundok na iyon. Sa kabila ng kanilang mga banta, sinakop sila ni Caleb, ***''12 Ngayon nga'y ibigay mo sa akin ang lupaing maburol na ito na sinalita ng Panginoon nang araw na yaon: sapagka't iyong nabalitaan nang araw na yaon kung paanong nariyan ang mga Anaceo, at mga bayang malalaki at nakukutaan: marahil ay sasa akin ang Panginoon, at akin silang maitataboy na gaya ng sinalita ng Panginoon.13 At binasbasan siya ni Josue at kaniyang ibinigay ang Hebron kay Caleb na Anak ni Jephone, na pinakaari niya. 14Kaya't ang Hebron ay naging mana ni Caleb na anak ni Jephone na Cenezeo hanggang sa araw na ito; sapagka't kaniyang lubos na sinunod ang Panginoon, ang Dios ng Israel." (Josue 14:12-14)*** * Huwag makinig sa tinig at mga banta ng kaaway, bagkus kailangan mong manindigan, handang sumunod nag lubusan sa Diyos, sa gayon maari mong labanan ang diablo at tatakas siyang

palayo sa iyo. * At gaya ni Caleb at Josue na ginawa ang kanilang bahagi para sa Diyos at hinarap ang mga higante gagaawin natin din ang ating bahagi at haharapin ang mga higante sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos.

***Sa aking Mahal at Minamahal: "15 Ang pangalan nga ng Hebron nang una ay Chiriath-arba; na siyang Arba na pinaka malaking lalake sa mga Anaceo. At ang lupain ay nagpahinga sa pakikidigma." (Bilang 14:15)*** Pinalitan ng Diyos ang pangalan ng lugar ng Kanyang pangako kay Caleb mula sa lupain ng mga higante ng ***''Chiriath-arba''*** na ibig sabihin ay ang lungsod ng Arba, ang ninuno ng mga Anakim, sa lugar ng mga kaibigan ng Diyos. Ang samahan ng Diyos o ***"Hebron."*** Sinabi ni Jesus, ***''Kayo'y aking mga kaibigan, kung gawin ninyo ang mga bagay na aking iniuutos sa inyo.'' (Juan 15:14)*** Bilang bantay at tagasunod ng Diyos habang sinusunod mo Siya magagawa mong makita mo ang mga bagay sa paraan gaya ng pagtingin ng Diyos sa mga ito, kaya ikaw ay magiging kaibigan ng Diyos at kaibigan ni Jesus, at magiging bahagi at kasama ng Kanyang simbahan, at tutulungan ka Niya na sumama sa Kanya at pagtagumpayan ang mga hadlang at talunin ang mga higante at tanggapin ang gantimpala at mga pangako ng Diyos.

***Ang Aking Panalangin****: Ama Diyos ako'y lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na mag uli sa ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong Salita na malinaw na ipanakita sa akin ng paraan na nais mong mabuhay ako para sa iyo*.

Ipagtapat natin ang ating mga kasalanan sa Panginoon. Iwaksi ang lahat ng iyong pagsuway, sa pagiging hindi masigasig upang mabuhay para sa Diyos at upang maglingkod sa Kanya, ang iyong pagiging makamundo, ang iyong maling mga motibo, ginagawa ang iyong sariling mga plano at kalooban, at ang maling estilo na iyong pinagtibay sa iyong buhay. Panginoon inaamin ko ang mga sumusunod na kasalanan_________________________________.

Panginoon mula ngayon ay ipinagkakaloob ko ang aking katawan, kaluluwa at espiritu sa iyong kamay na magpatuloy at maglingkod sa iyo at lumakad sa iyong mga landas nang buong puso at sa ganap na pagsunod. Panginoon ipinapangko ko ang aking sarili upang ituwid ang iba at hikayatin sila na magpatuloy sa iyong mga landas Panginoon tulungan ako na makita ang mga pangyayari sa paraang nakikita mo ang lahat ng mga ito. Panginoon tulungan akong na maniwala na iniingatan mo ako upang sakupin at matamasa ang ipinangako mo sa akin.

Panginoon salamat sa aking mga Kapatid na lumapit sa inyo at nag alay ng buhay nila sa inyo. Pagpalain mo sila ng Panginoon, protektahan at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Puspusin sila ng Panginoon ng Banal na Espiritu at gamitin ang kanilang buhay at patotoo upang mag ebanghelyo at dalhiin ng iba sa iyo.

Diyablo sinasaway ko kita at itinaboy sa pangalan ni Jesus; wala kang kapangyarihang hadlangan kami sa pagtanggap ng mga pangako ng Diyos. Panginoong Jesus, kami bilang isang simbahan, ay nagtitiwala sa iyo na ikaw ang aming pinuno at aakayin kami na taglayin ang lahat ng ipinangako mo sa amin ng mga ministeryo at kami ay kikilos sa pamamagitan ng pananampalataya, lubos na sumusunod sa iyo at isinusuko ang buhay at lubos na maglilingkod sa iyo.

Panginoon dalangin namin na pagpalain mo kami bilang isang simbahan, puspusin mo kami ng Banal na Espiritu muli at bigyan kami ng mga espirituwal na kaloob upang magpatuloy at maglingkod sa iyo na abutin ang mga nawawala. Panginoon, manguna ka sa amin at tulungan mo kaming magtanim ng mga bagong kapisanan at bagong pag-aaral sa Biblia. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupag ng buong kalooban ng Diyos'. Panginoon pagpalain kami, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi kami madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Ang Bantay Part 15. Dapat makita ng Bantay ang Diyos, Hindi ang mga Higante. Dapat makita natin ang Diyos at hindi ang mga higante. Mga Bilang 13:1-33. Mga Bilang 14:6-9, 23-24. Santiago 1:25. Josue 14:6-15. Deuteronomio 1:36. Josue 11:21-23. Juan 15:14.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com